Ang **BISIG** ay bilingual na refereed journal na nagtatampok ng mga artikulo o papel pananaliksik hinggil sa kalagayan ng sektor ng paggawa at mga komunidad sa Pilipinas na taunang inilalabas ng PUP. Pangunahing itinatampok nito ang mga pag-aaral na sum-isipat sa mga napapanahong isyu hinggil sa kalagayan ng mga manggagawa, anakpawis at kanilang mga komunidad. Karaniwang nakatuon ang mga paksa sa mga usapin tulad ng unyonismo, globalisasyon, neoliberal na polisiya, kilusang paggawa, karapatan at kalagayan ng anakpawis, relasyon at kalagayan ng mga industriya, at iba pang katulad. Maaaring ang paksa ay tumatawid sa iba pang disiplina tulad ng kasaysayan, politika, ekonomiya, sikolohi-ya, wika, sining, kultura, kasarian, kababaihan, diaspora, agham, teknolohiya at iba pa tungo sa paglapit na multi/interdisiplinaryo.


**LUPON NG MGA EDITOR**

**RIMANDO E. FELICIA**
Punong Patnugot

**JOMAR G. ADAYA**
Kawaksing Editor

**Atty. REBECCA CHATO**
Kawaksing Editor

**MARY JOY SAWA-AN**
Tagapamahalang Editor

**JESUSANA DEJITO**
Layout

**LUPON NG MGA KONSULTANT**

**DAVID MICHAEL M. SAN JUAN, PhD**
De La Salle University

**EPIFANIO SAN JUAN JR.**
W. E. D. Du Bois Institute, Harvard University, at Wesleyan University, U.S.A

**NANCY KIMUELL-GABRIEL, PhD**
University of the Philippines Diliman

**RAMON GUILLERMO, PhD**
University of the Philippines Diliman

**FRANCIS GEALOGO, PhD**
Ateneo de Manila University

**JUDY T. TAGUIWALO, PhD**
University of the Philippines Diliman

**MICHAEL PANTE, PhD**
Ateneo de Manila University

**PAUL QUINTOS**
City University of Hongkong

**ANGELITO MANALILI**
University of the Philippines Diliman

BISIG

**BISIG**
Polytechnic University of the Philippines
Office of the Vice President for Research, Extension, and Development
Research Publications Office
2023

All rights reserved.

Copyright © 2023

Published and exclusively distributed by
the Polytechnic University of the Philippines, Sta. Mesa, Manila

**ISSN 2546-0765** (Online) **| ISSN 2467-6330** (Print)

**Paliwanag sa Pabalat (Cover)**

Ang nasa pabalat ay detalyeng bahagi ng klasikong obra na pinamagatang “Pwersa sa Produksyon” na mula sa mayamang bukal ng mga likha ng kilalang artista ng bayan at ng uring manggagawa na si Leonilo “Neil” Doloricon (1957-2021). Si Prof. Neil ay edukador, visual artist, printmaker, and social critic at itinuturing na isa sa mga dakilang haligi ng social realism sa Pilipinas at maging sa buong mundo. Ipinagmamalaki namin na mula sa pagsisimula ng Bisig Journal noong dekada 90 hanggang sa huli niyang mga obra, naging bahagi at katunayan ay nagsilbing mukha ng Bisig ang mga obra ni Ka Neil Doloricon bilang artista ng mga anakpawis. Ipinagpapasalamat namin na naambunan ni Ka Neil hindi lamang ng kanyang mga obra kundi mga aral at mungkahi kung paano higit na ilalapit at pagsisilbihin ang Bisig sa mga anakpawis at mamamayan. Para kay Neil, ang akademya at ang mga produkto nito ay laging kaagapay at nagsisilbi sa anakpawis at produktibong pwersa ng lipunan. Salamat at nagpapatuloy kami, Prof. Neil!

## Paunang Salita

### Ang Anakpawis sa Nagbabagong Paggawa at Mundo

Walang malaking pagbabagong naganap sa kalagayan ng manggagawang Pilipino sa ilalim ng bagong dispensasyon. Ito ay sa kabila ng ipinamamaraling paglago ng ekonomya at kabi-kabilang proyektong imprastraktura at iba pang proyektong pangkaunlaran na ang totoo'y mas nakatuon sa kapakanan ng kapital kaysa sa paggawa. Patuloy na pinagtatalunan sa gubyerno ang dekada nang kahingian ng mga mangagagawa para sa dagdag na sahod na kung tutuusin ay hindi na makahabol sa patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at halaga ng pamumuhay.  Lumiliit ang organisadong hanay ng manggagawa dahil sa patuloy na panggigipit at lansakang paglabag sa mga karapatan ng mga manggagawa na mag-organisa, mag-unyon at makipagtawaran nang sama-sama.

Buong mundo ang saksi sa maramihang paglabag sa karapatan ng mamamayan sa Pilipinas kabilang ang mga manggagawa. Makailang ulit nang bumisita at nagpahayag ng pagkadismaya ang mga pandaigdigang samahan tulad ng International Labor Organization (ILO) at United Nations (UN) sa miserableng kalagayan ng manggagawang Pilipino. Itinuring na pinakadelikadong bansa ang Pilipinas kung pag-uusapan ang malawakang paglabag sa karapatan ng manggagawa kahit na sa pang-ekonomya at panlipunang kagalingan.

Nanatili ang pangkalahatang estratehiyang pang-ekonomya ng gubyerno na sundin ang padron sa ekonomya bilang pagsunod sa neoliberalismo na itinatakda ng mga dayuhang mamumuhunan at pandaigdigang institusyong pampinansya. Nagpapatuloy ang mga patakaran para daw sa paglago ng ekonomya pero huli kung meron man na konsiderasyon sa kalagayan ng mga manggagawa at anakpawis. Sa iba't

ibang paraan at daluyan ay ipinapahayag ng manggagagwa at mamamayan ang pagtutol sa ganitong patakaran. Patuloy ang pagsisikap ng kilusang manggagawa na magbuo ng malinaw na posisyon sa mga usapin at mga alternatibong hakbangin at walang sawa itong ipinapahayag sa mga sama-samang pagkilos sa lansangan, pagawaan at maging sa pakikibakang elektoral.

Tampok sa isyung ito ng Bisig ang dalawang artikulo na higit pang naglilinaw sa mga usaping kinakaharap ng mga manggagawa. Sa akda na "Adyenda ng Paggawa (Labor Agenda) sa Pagtatatag ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN): Kontekstwalisasyon ng Ilang Pahina ng "Kapaki-pakinabang na Kasaysayan" Tungo sa Mga Adbokasing Maka-Manggagawa sa Siglo 21," binaybay ni Prop. David Michael M. San Juan sa pamamagitan ng lente ng kasaysayang-bayan ang puwang ng aspirasyon ng mga manggagawa sa mga dokumento ng pagtatag ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), pinakamalaking alyansa ng mga organisasyon ng iba't ibang sektor ng mamamayan sa Pilipinas.

Pinagtibay pa ito sa artikulo ni Julius Cainglet, ang kasalukuyang pangalawang pangulo ng Federation of Free Workers (FFW), isa sa mga itinuturing na pinakamalaking pederasyong pangmanggagawa sa Pilipinas. Sa artikulong "Ang 15-Point Labor Agenda at ang Pagkakaisa ng Kilusang Paggawa sa Pilipinas", ibinahagi ni Ka Julius ang dokumentong nabuo at pinagtibay ng halos lahat ng samahang manggagawa sa Pilipinas. Para kay Ka Julius at sa marami pang lider-manggagawa, napakasignipikante ng dokumentong ito sapagkat sa unang pagkakataon, ang buong kilusan at organisadong pwersa ng manggagawa at mga tagapagtaguyod nito ay nagbuklod upang bumuo ng iisang agenda ng mga kagyat at pangmatagalang kahingian at posisyon ng mga manggagawa. Napakapositibong hakbang ang pagkakaisang ito para sa higit pang pagpapalakas at pagpapatatag sa hanay ng mga manggagawa sa harap ng mas tumitinding atake sa sahod, trabaho at karapatang pangmanggagawa.

Pinapaksa naman ng artikulong "Reporma sa Pera: Ilang Pagmumuni sa Utang, Stock Market, at Kapitalismo" ni U. Z. Eliserio ang isang mukha ng kapitalismo – ang pinansya at ang stock market. Mahalaga ang akdang ito ni Prop. Elizerio sa patuloy na paglaki ng papel ng "industriya ng pera" na hiwalay sa patuloy namang dumadausdos na sektor ng agrikultura at industriya o yaong mga nasa sektor ng ekonomya na nagluluwal ng produkto at kalakal. Binusisi ng may-akda ang mga usapin sa pinansya at kapitalismo, at mga repormang kailangang isagawa dito habang nagninilay sa pelikulang *Sid at Aya* kung saan ang pangunahing tauhan ay isang stock broker.

Sinubaybayan naman ni Prop. Emy Ruth Gianan ang buhay ng isa sa mga pangunahing tauhan sa lumalaking Gig Industry sa Pilipinas. Sa akdang "#SulitDeals, Pero Lugi si Rider? Ilang Pagtatasa Ukol sa Lumalaking Gig Economy sa Pilipinas," sinaliksik ang kalagayan ng mga delivery rider upang unawain ang platform at gig economy na lalo pang lumaganap dahil sa pandemya. Sa dulo ng artikulo, masusing nagharap ng mga panukalang pagbabago sa mga patakaran sa paggawa sa kritikal nitong pagtuligsa sa mga nailabas na kautusan ng DOLE.

Sa ganitong diwa rin ang nilayon ng akdang "Digitalisasyon ng Paggawa, Digitalisasyon ng Pagsasamantala: Panimulang Pag-aaral sa mga Manggagawa sa Gig Economy sa Pilipinas" na isinumite naman ng grupo sa pananaliksik ng Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER) bilang panimulang panlipunang imbestigasyon sa kalagayan ng mga manggagawa sa isang umuusbong na industriya sa panahon ng nagbabagong teknolohiya. Sa pamamagitan ng tuwirang pakikipanayam at pagsasagawa ng ginabayang talakayan (focused group discussion), sinuri ng EILER ang masahol na kalagayan ng mga platform workers lalo na yaong mga delivery rider. Naunang inilabas ng EILER ang pananaliksik bilang kontribusyon sa isang pandaigdigang pag-aaral sa mga lumalawak na paglipana ng mga platform workers. Mula sa mga datos na nakalap sa panahon ng kahigpitan ng lockdown, isinaayos ito ng EILER,

isinalin sa Filipino at muling isinulat ang ilang bahagi para sa popularisasyon at mas magaan na pagbabasa.

Kasama sa isyung ito ang dalawang artikulo na nakasulat sa Ingles sa desisyon ng patnugutan na tumanggap ng mga artikulong nakasulat sa ibang wika sa layunin ng higit pang pagpapalawak sa mambabasa. Matatagpuan ang artikulong "The Philippines' Dangerous Dependence on the Exploitation of its People," ni Teo Marasigan na tumatalakay sa kalagayan ng migrasyon ng mga manggagawa. Inilabas ito sa isang pandaigdigang babasahin pero isinumite ni Ka Teo sa Bisig para diumano ay higit itong makarating sa kinauukulang mambabasa ng artikulo --- ang mga manggagawa partikular ang migranteng manggagawa na bumubuo ngayon sa hindi bababa sa 10 porsyento ng lakas-paggawa ng bansa.

Isinama rin sa isyung ito ang ulat ng isang institusyong pangmanggagawa kaugnay sa kalagayan ng kaligtasan at kalusugan ng mga manggagawa. Sa ulat na pinamagatang "Survey and Assessment of Working and Health Conditions of Workers in High Risk Industries that Use Chemicals" ng Institute for Occupational Health and Safety Development (IOHSAD), pinatunayang lansakan ang paglabag sa mga OHS standards sa tatlong malalaking kumpanyang nagmamanupaktura ng semiconductor. Patunay na sa Pilipinas, nananatiling kulelat pa rin sa nabibigyang pansin ng gubyerno ang usapin hinggil sa kaligtasan at kalusugan ng mga manggagawang nagsusulong sa ekonomya ng bansa.

Sinasalamin ng mga artikulo sa isyung ito ang mga luma at bagong usaping kinakaharap ng mga manggagawa. Sa pagpasok ng ikaapat na rebolusyong industriyal, hindi pa rin naman nagbago ang relasyong panlipunan. Tulad ng mga nakaraang rebolusyong industriyal, sumusulong ang teknolohiya sa produksyon pero sa proseso ay naiiwan at isinasakripisyo ang produktibong pwersa sa lipunan. Dapat sana'y magpagsilbi sa hanay ng manggagawa ang pagsulong ng teknolohiya, pero ang kapitalistang pag-aari at kontrol dito'y lalo lamang nagpapasidhi sa pang-aapi at pagsasamantala

sa uring anakpawis. Sa panahon ng globalisasyon na pinangungunahan ng malalaking kapitalistang bansa, ang kapital lalo na yaong dambuhalang kapital ng dayuhan, ang higit na pinahahalagahan kaysa sa nakararaming anakpawis ng lipunan na siyang nagpapagal at nagpapala sa yaman ng bansa. Sa huli, ang ultimong adyenda kung gayon ng mga manggagawa ay ang pagbawi sa teknolohiya at pagpawi sa pagsasamantala ng kapital sa paggawa sa pamamagitan ng pagbubuklod ng mga anakpawis at pagpapalaya sa bayan.

Sa lahat ng ito, patuloy na magiging saksi at daluyan ang mga pahina ng Bisig sa mga aspirasyon at mithiin ng mga manggagawa. Tulad noon hanggang ngayon, ang Bisig ay daluyan ng lakas ng manggagawa upang lumikha ng yaman ng bansa, pagulungin ang granahe ng lipunan at tuparin ang istorikal nitong misyon sa kasaysayan ng sangkatauhan.

**Rimando E. Felicia, MCD**
**Punong Patnugot**